

Tungkol sa *Daubert*: Impormasyon sa Mga Pederal na Panuntunan ng Ebidensya

Ano ang *pamantayan ng Daubert*?

Ang *pamantayan ng Daubert* nagbibigay ng proseso para sa pederal na hukuman ng korte ng Estados Unidos para suriin ang kredibilidad ng mga ekspertong saksi na ang mga salaysay ay ihahain sa hurado sa paglilitis. Hinihiling ng Korte Suprema ng U.S. na ang hukuman ay magsilbing mga mahahalagang “tagapagbantay” ng proseso para hindi maihain sa mga hurado ang hindi mapapagkatiwalaang testimonya ng eksperto.

Ano ang proseso para matiyak na natutugunan ang *pamantayan ng Daubert* ?

- Kapag nadala na sa hukuman ang kaso, ang nagsasakdal o nasasakdal (ang mga partidong naghain o nagtatanggol laban sa kahilingan) ay maaaring pumili ng mga eksperto para tumestigo sa mga paksang nauugnay sa demanda.
- Dapat maipakita ng bawat partido na ang mga eksperto nito ay may mga kwalipikasyon para maaasahan at kapani-paniwalang tumestigo sa isang usapin. Susulat ang mga dalubhasa ng isang “ulat ng eksperto” na nagdedetalye ng kanilang mga pasya.
- Maaaring tanungin ng partidong tumututol ang eksperto tungkol sa kanyang ulat na tinatawag na deposisyon.
- Batay sa ulat ng eksperto at deposisyon, maaaring hilingin sa huwes ng partidong tumututol na huwag isama ang ilan o lahat ng iminungkahing testimonya ng eksperto.
- Maaaring gawin ng kuwes ang pagtiyak na ito sa pamamagitan ng paghiling sa mga partido na ibalankas ang kanilang posisyon sa maikling legal na pahayag. Maaari ring pamunuan ng huwes ang tinatawag na pagdinig na *Daubert* – isang “munting paglilitis” kung saan ang potensyal na eksperto ay tatanungin ng parehong partido.
- Pagkatapos ng pagdinig, magpapasya ang huwes kung maaaring tumestigo sa hukuman ang eksperto ngunit may ilang mga limitasyon, o hindi pinapayagang tumestigo.
- Tinitiyak ng prosesong ito na hindi maririnig ng mga hurado ang hindi maaasahang testimonya mula sa taong ipinakilala bilang eksperto.

Anong mga pamantayan ang ginagamit ng huwes upang suriin kung papayagang tumestigo ang isang saksi?

Sa ilalim ng pamantayan ng *Daubert*, ang mga eksperto ay kailangang ***kwalipikado***, at ang kanilang testimonya ay dapat parehong ***maaasahan*** at ***may kaugnayan***. Ang lahat ng eksperto – hindi lang mga siyentista – ay dapat makatugon sa pamantayang ito para tumestigo.

- Kailangang ***Kwalipikado*** ang mga eksperto para tumestigo batay sa kanilang kaalaman, kasanayan, karanasan, pagsasanay, o edukasyon.
- Dapat ***Maaasahan*** ang testimonya ng eksperto, pangunahing sinusukat sa pamamagitan ng limang salik:
 - 1) Sinuri ba ng iba pang mga siyentista ang teorya o paraan ng eksperto? Maaari ba itong masuri?
 - 2) Sumailalim ba ang teorya sa “rebyu ng mga kasamahan” ng iba pang mga dalubhasa sa larangan?
 - 3) Mayroon bang pagkakataon na ang teorya ay maaaring magpakita ng maling resulta o may mataas na tsansa ng pagkakamali?
 - 4) Mayroon bang mga pamantayan para makontrol kung paano gagana ang paraan, upang matiyak ang pagkakaparepareho?
 - 5) Ang teorya ba ay tanggap ng nakararami sa loob ng siyentipikong komunidad, o ito ba ay panggilid na opinyon?
- Ang testimonya ng dalubhasa ay dapat na ***May kaugnayan*** sa mga argumento ng kaso at makatulong sa hurado na maunawaan ang ebidensya o makagawa ng pasya. Ayaw mag-aksaya ng oras ng mga huwes o guluhin ang hurado sa impormasyong walang kaugnayan sa kaso.
- Bilang karagdagan, isinasaalang-alang ng mga hukuman kung ang teorya ng eksperto ay may kasamang haka-haka, ang haba ng panahong hawak ng eksperto ang kanyang pasya, at kung ang eksperto ay nakaisip ng alternatibong mga paliwanag bago buuin ang kanilang opinyon.

Paano ito nauugnay sa talc federal multi-district litigation (MDL)?

Pribilehiyadong Komunikasyon ng Abugado / Kliyente
INIHANDANG BORADOR AYON SA KAHILINGAN NG ABOGADO
NITONG10/18/2019 1:44 PM

Nagsumite ang Johnson & Johnson ng mga mosyon ng *Daubert* na hinihiling sa huwes sa talc federal MDL na huwag isama ang karamihan sa “ekspertong mga saksi” ng nagsasakdal dahil ang kanilang mga testimonya sa usapin na kung ang talc ay nagdudulot ng kanser sa obaryo ay hindi maaasahan.

Noong Hulyo 2019, nagsagawa ang huwes ng ilang araw na pagdinig ng *Daubert* , kung saan tumestigo ang mga ekspertong ito at muling tinanong ng partidong tumututol. Noong Oktubre 7, 2019, nagpadala ang Johnson & Johnson at mga nagsasakdal ng mga maiikling pahayag pagkatapos ng pagdinig.

Gagamitin ng huwes ang mga pagdinig at maiikling pahayag pagkatapos ng pagdinig para matukoy kung natugunan ng mga teorya ng mga eksperto ang mga pamantayan ng *Daubert* .

Ang tiyempo ng pasya ay nasa diskresyon ng huwes.